

# Paggamit ng mask para sa COVID-19: Mga uri ng mga mask at respirator

TAGALOG / TAGALOG




Ginawa ang payong ito para sa pangkalahatang publiko at **hindi** ito ginawa para sa mga layunin ng occupational na kalusugan, kabilang ang mga pagsasaayos sa pangangalagang pangkalusugan.

Pinaghahambing ng talahanayan ang iba't ibang uri ng mask at respirator. Sumangguni rito upang matulungan kang magpasya kung aling mask o respirator ang pipiliin. Mas madaling hanapin o bilhin ang ilang produkto kaysa sa iba at maaaring mag-iba-iba ang mga halaga ng mga ito.

Magagamit ang mga respirator, medikal na mask, at hindi medikal na mask sa komunidad. Kapag nagpapasya kung anong uri ng mask ang susuutin, pillin ang pinakamagandang kalidad at pinakatamang sukat na mask o respirator na makukuha mo.

Sa pangkalahatan, bagama't nakakatulong ang mga hindi medikal na mask na pigilan ang pagkalat ng COVID-19, mas nakakaprotekta ang mga medikal na mask at respirator. Anumang uri ng mask ang pipiliin mo, mahalagang maayos ang sukat nito upang maging mabisa ito.

Huwag gumamit ng mga mask o respirator na may mga exhalation valve. Hinahayaan ng mga ito na makalabas ang mga nakakahawang respiratory particle. **Hindi** pinipigilan ng mga ito ang pagkalat ng COVID-19.

| Mga uri ng mga mask at respirator   | Availability  | Pagkakagawa   | Sukat  | Mga panregulatoryong pagsasaalang-alang at pamantayan  |
|---|---|---|--|--|
| <p><b>Mga respirator</b></p>                                      | <p>Komersyal na makukuha.</p> <p>Makukuha sa iba't ibang laki, kabiliang ang mas maliliit na sukat na magagamit para sa mga bata.</p> | <p>Maaaring mag-iba-iba ang mga materyal sa paggawa ngunit dapat matugunan ang mga pamantayan sa pag-filter para sa mga respirator.</p> <p>Mas maganda ang lapat ng disenyo nito kaysa sa medikal na mask.</p> <p>Hindi makukuha nang may mga transparent na window.</p> <p>Karaniwang pang-isahang gamit, ngunit maaari itong gamitin ulit hanggang sa kapansin-pansing marumi, basa, o sira ito.</p>  | <p>Idinisenyo upang maging komportable ang pagkakalapat nito sa mukha.</p> <p>Gumaganda pa ang lapat ng ilang respirator sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga tali, laso, o ear loop at ng nosepiece.</p> <p>Hindi kailangang sukatin ang pagkakalapat ng respirator na susuutin sa komunidad.</p> | <p>Tiyaking inaprubahan ng Health Canada ang iyong respirator.</p> <p>Mga NIOSH N95 respirator na may nakatatak na numero ng pag-apruba sa device, na kinakatawan ng <b>TC-84A-####</b>.</p> <p>Mga 95PFE na produkto o CSA certified na CA-N95 at CA-N99 na uri ng respirator na minarkahan alinsunod sa pamantayan ng <b>CSA Z94.4.1</b>.</p> <p>Mga KN95 respirator na nakakatugon sa pamantayan ng <b>GB 2626-2019</b>.</p> <p>Mga KF94 respirator na nakakatugon sa pamantayan ng <b>KMOEL-2017-64</b>.</p> <p>Mga FFP2 respirator na nakakatugon sa pamantayan ng <b>EN 149-2001</b>.</p>  |
| <p><b>Medical mask</b><br/>(procedure o kaya surgical mask)</p>  | <p>Komersyal na makukuha.</p> <p>Makukuha sa mga sukat na pangmatanda at mas maliliit na sukat na pambata.</p>                        | <p>Ang mga materyales na ginamit ay maaaring mag-iba-iba, pero dapat sila tumupad sa mga itinatag na filtration standards.</p> <p>Sila'y karaniwang single-use (isang beses gagamitin) at disposable, pero maaari silang gamitin muli hanggang nakita mo na sila'y marumi, mamasa-masa, o sira na.</p>  | <p>Nag-iiba-iba ang sukat depende sa laki at mga katangian ng iyong mukha.</p> <p>Mapapaganda pa ang pagkakalapat nito sa iba't ibang paraan, tulad ng pagsasaayos ng mga tali o ear loop at pagsasaayos ng flexible na nosepiece</p>  | <p>Ang ilang disposable na hindi medikal na mask ay maaaring kamukha ng mga medikal na mask ngunit hindi nakakatugon sa mga panregulatoryong pamantayan.</p> <p>Maghanap ng medikal na mask na may <b>ASTM F2100</b> o <b>EN 14683</b> sa label ng kahon.</p> <p>Ibig sabihin nito na nasuri ang mask at nakakatugon ito sa mga pang-internasyonal na pamantayan para sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>pag-filter ng partikulo at bacteria</li> <li>kakayahang huminga</li> <li>resistensya sa likido</li> <li>pagiging flammable ng mga materyal</li> </ul> <p>Walang kinikilalang pamantayan sa Canada para sa mga transparent na medikal na mask.</p> |
| <p><b>Respirators</b></p>                                       | <p>Gawa sa bahay o komersyal na makukuha.</p> <p>Makukuha sa iba't ibang laki at tela.</p>  | <p>Dapat gawa sa hindi bababa sa 2 magkapatong na telang masinsinang hinabi at mahihingahan, tulad ng bulak. Mayroon din dapat itong pangatlo at gitnang patong ng filter na uri ng tela, tulad ng non-woven na polypropylene, upang pahasayin ang pag-filter.</p> <p>Maaaring may bulsa upang paglagyan ng naalis na filter.</p> <p>Maaaring makuha nang may mga transparent na window.</p> <p>Magagamit ulit o disposable.</p> <p>Magagamit ulit kung lalabhan kapag marumi o basa.</p> | <p>Nag-iiba-iba ang sukat depende sa hugis at istilo ng mask.</p> <p>Mapapaganda pa ang pagkakalapat nito sa iba't ibang paraan, tulad ng pagsasaayos ng mga tali, laso, o ear loop at flexible na nosepiece (kung mayroon nito).</p>  | <p>Walang pamantayan o regulasyon para sa mga hindi medikal na mask sa Canada. May ilang pang-internasyonal na pamantayan (<b>AFNOR</b> sa Europe, <b>ASTM</b> sa U.S.).</p> <p>Hindi itinuturing na mga medikal na device ang mga hindi medikal na mask sa ilalim ng Mga Regulasyon sa Medikal na Device.</p> <p>Ang bisa ng mga hindi medikal na mask upang makatulong na pigilan ang pagkalat ng COVID-19 ay nag-iiba-iba at nakadepende sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>mga ginamit na materyal</li> <li>pagkakagawa</li> <li>sukat</li> <li>wastong paggamit</li> </ul>  |